**SIPI SA KATITIKAN NG PANGKARANIWANG PULONG NG KGG. SANGGUNIANG BAYAN NG LUMBAN, LAGUNA NA GINANAP SA BULWAGANG ATTY. BENJAMIN E. AGARAO SR. NOONG IKA-03 NG NOBYEMBRE, 2022 SA GANAP NA IKA–09:23 NG UMAGA.**

**MGA DUMALO:**

| | |
|---|---|
| KGG. BELEN B. RAGA | -----------*Pangalawang Punumbayan /Tagapangulo* |
| KGG. MA. ROMA R. TABLICO | ----------- Kagawad |
| KGG. MODESTO B. ABADIER | ----------- Kagawad |
| KGG. MARK ANTHONY L. LAGROSA | ----------- Kagawad |
| KGG. IRENEO R. BALDOVINO | ----------- Kagawad |
| KGG. ROSE ANN R. AÑONUEVO | ----------- Kagawad |
| KGG. JOHN DEMBER A. DELOS REYES | ----------- Kagawad |
| KGG. MGGL. JEROMME D. LACBAY | ----------- Kagawad |
| KGG. GERONIMO P. SAMONTE JR. | ----------- Kagawad |
| KGG. ARIEL D. AÑONUEVO | ----------- Pangulo-LnB |
| KGG. DONNIE L. DE VENECIA | ----------- Pangulo-SKF |

**KAPASIYAHANG BLG. 79 T. 2022**

**KAPASIYAHANG MAPITAGANG HUMIHILING KAY KGG. CHRISTOPHER LAWRENCE "BONG" GO, SENADOR NG REPUBLIKA NG PILIPINAS, NG ISANG (1) YUNIT NG DUMP TRUCK PARA MAGAMIT SA PAGHAHAKOT NG MGA BASURA SA BAYAN NG LUMBAN, LAGUNA**

**Akda ni: Kgg. Ma. Roma R. Tablico**

**SAPAGKAT,** madalas na nasisira ang trak na humahakot ng basura sa bayan ng Lumban kung kaya kumakalat ito sa mga daan;

**SAPAGKAT,** ang nagkalat na mga basura sa daan ay lubhang mapanganib sa mga mamamayan dahil nagiging sanhi nang paglaganap ng ibat-ibang uri ng sakit;

**SAPAGKAT,** kinakailangang ang karagdagan ng bagong trak ng basura upang lalong maging mas epektibo ang programang pangkalinisan ng Pamahalaang Bayan ng Lumban;

**DAHIL DITO**, sa mungkahi ni Kgg. Ma. Roma R. Tablico na pinangalawahan ni Kgg. Mark Anthony L. Lagrosa at sinang-ayunan ng lahat ng dumalo,ay;

**IPINASIYA, tulad ng dito'y IPINASIYA,** na mapitagang humiling kay Kgg. Christopher Lawrence "Bong" Go, Senador ng Republika ng Pilipinas, ng isang (1) yunit ng Dump Truck para magamit sa paghahakot ng mga basura sa Bayan ng Lumban, Laguna.

**IPINASIYA PA RIN,** ang pagpapadala ng sipi ng kapasiyahang ito sa tanggapan ng Kgg. Senador Christopher Lawrence "Bong" Go, para sa kanyang kabatiran at pagsasaalang-alang.

**PINAGTIBAY,** ngayong ika-03 ng Nobyembre, 2022.

**PINATUTUNAYAN KO,** ang katumpakan at kawastuan ng kapasiyahang ito.

**CORAZON B. PADUA**
*Kalihim ng Sangguniang Bayan*

**Nagpatotoo :**

**BELEN B. RAGA**
*Tagapangulo/ Pangalawang Punumbayan*

**Pinagtibay :**

**ROLANDO G. UBATAY**
*Punumbayan*

*Xcerpt110322res79*